# *Pagsasaayos Ng Iglesya*

Katatapos lang natin ng malaking pagtitipon ng limang gabi sa tabernakulo, kung saan, sa biyaya ng Diyos at Kanyang tulong, napagsumikapan kong maigi, sa pamamagitan ng mga Kasulatan, na ilagay sa pagsasaayos ang Iglesya ng Panginoong Jesus Cristo, gaya ng sinasampalatayanan natin sa Branham Tabernacle.

2 Ang unang bagay na nais kong sabihin ay ang pastor ang may buong pamamahala sa tuwina sa tabernakulo kapag wala ako, at umaalalay lang ako sa pastor sa tuwing bumabalik ako. Kaya, siya ang may buong pamamahala na magpalit o gawin ang anupaman na naiisip niya na pinaka mainam, sa ilalim ng pangunguna ng Espiritu Santo, habang wala ako.

3 Naniniwala tayo sa isang apostolikong Iglesya, na itinuturo ang apostolikong mga pagpapala para sa mga tao sa panahon na ito. Naniniwala tayo sa buong Ebanghelyo, at naniniwala na ang lahat ng mga tanda't mga kababalaghan na sinalita mismo ng ating Panginoong Jesus Cristo, ay lalakip sa Kanyang Iglesya hanggang sa pagbabalik Niya. Naniniwala tayo sa mga bagay na 'yan, at naniniwala na ang mga bagay na ito'y kailangang maisaayos, na ang Iglesya'y mailagay mismo sa kaayusan. At bawat iglesya'y may turo't aral, pagsasaayos, at disiplina.

4 Ang iglesya nati'y walang sistema na miyembro lang ang puwedeng makisama. Naniniwala tayo na ang pangkalahatang Iglesya ng buhay na Diyos ang ating mga kapatid na lalaki't kapatid na babae; at ang lahat ay malugod na tinatanggap sa tuwina, kahit na ano pang denominasyon ang kinabibilangan nila, dito sa Branham Tabernacle, sa Eighth at Penn Street sa Jeffersonville, Indiana.

5 Naniniwala tayo sa "pag-aaring ganap sa pamamagitan ng pananampalataya," Mga Taga-Roma 5:1. Sinasampalatayanan natin 'yan, na matapos na ang isang tao'y ariing-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya, siya'y may kapayapaan sa Panginoong Jesus Cristo. Pero posible nga na ang siya ring tao na ito'y may mga gawi pa rin tulad ng pag-iinom ng alak, paninigarilyo, paggawa ng mga bagay na di niya dapat gawin, maruruming mga gawi ng laman.

6 Pagkatapos naniniwala tayo na ang Dugo ni Jesus Cristo'y nagpapaging banal sa taong ito para sa gawain ng Panginoon. At dito'y, naniniwala tayo sa "pagpapaging banal" batay sa Mga Hebreo 13:12 at 13, "Kaya naman si Jesus, upang Kanyang banalin ang mga tao sa Kanyang Sariling Dugo, ay nagbata sa labas ng pintuan." At naniniwala tayo na ang pagpapaging banal ay itinuturo sa Bagong Tipan, at sadyang para sa mga

mananampalataya sa kapanahunan ng Bagong Tipan, na ating kinabubuhayan ngayon.

7 At naniniwala rin tayo na pagkatapos na mapaging banal ang tao, ang maruruming mga gawi'y mawawaglit mula sa tao na 'yun, siya'y isang mananampalataya na ng Panginoong Jesus Cristo, at ang mga gawi niya'y wala na: naniniwala tayo na pagkatapos nga'y marapat na siya para sa "pagbabautismo ng Espiritu Santo," na dumarating bilang pagpupuno ng mananampalataya. Tapos kapag ang mananampalataya . . .

8 Ito nga'y, katulad ng maraming beses ko nang itinuturo, katulad ito ng pagpulot ng isang baso mula sa bakuran ng manukan. Ang *pag-aaring ganap* ay "pagpulot dito, ihahanda para magamit," na may paglalayon sa puso. Yun ang ginagawa ng Diyos sa isang makasalanan. Marumi pa rin siya.

9 Pagkatapos lilinisan siya sa pamamagitan ng Dugo ni Jesus Cristo. At ang salitang *pagpapaging banal* ay isang tambalang salita, na ang ibig sabihin ay, "linisin, at isantabi para sa gawain." Sa Lumang Tipan, pinagiging banal ng altar ang sisidlan, at 'yun ay isinasantabi para sa gawain.

10 Naniniwala tayo na inilalagay ng Espiritu Santo ang siya ring sisidlan na 'yun sa gawain. Na ang Espiritu Santo'y hindi karagdagang baitang ng biyaya, kundi ang siya ring biyaya na pinupuno ang mananampalataya na makaabot sa dako ng mga tanda't mga kababalagahan, gaya ng apostolikong mga kaloob na binanggit sa Unang Mga Taga-Corinto 12, na nahahayag sa pamamagitan ng mananampalatayang ito kapag ang Espiritu Santo'y papasok para pakilusin ang kaloob.

11 Naniniwala ako na itinuturo ng Kasulatan na "ang mga kaloob at pagtawag ay hindi nagbabago," na nung ipinanganak tayo sa mundong ito, ipinadala tayo rito sa iisang layunin, na 'yun ay, sa Diyos. At bago tayo tumanda, noong bata pa tayo, ang mga kaloob na taglay natin mula sa Diyos ay narito na sa atin noon pa, at sadya ngang ang ginagawa ng pagpupuno ng Espiritu Santo'y ilagay ang mga kaloob na ito na umiral; pero taglay na natin ito sa simula, gaya ng mga guro, at mga apostol, at—at mga propeta, at mga kaloob ng pagsasalita ng iba't ibang wika, at siyam na espirituwal na kaloob batay sa Unang Mga Taga-Corinto 12. Ngayon, naniniwala tayo na ang mga kaloob na ito'y umiiral na ngayon, at ang mga ito'y dapat na nasa bawat lokal na iglesya.

12 Gayong sa ganito, nasumpungan natin, sa buong mundo, na masyadong marami nang pagkapanatiko ang kumakalawit sa mga tao na nag-aangking mga apostolikong mananampalataya raw sila. Gaya nga ng kung papaano sa ibang sekta, at iba pa, may mga panatiko rin tayong nagsulputan. Ganoon sa tuwina, mayroon tayong mga ganoon sa mga kapanahunan. Mayroon silang ganoon noon nung panahon ng mga apostol; at gaya

ng sinabi ni Pablo roon, na kung papaanong may susulpot at "hihikayatin sila palayo, tungo sa ibang turo't aral," at kung ano pa. Haya't ang sabi niya sa katuruan niya mismo, sabi niya, "Kung may isang Anghel mula sa Langit ang magtuturo ng iba," kaysa sa itinuro niya, "siya'y masumpa."

13 Kaya, tayo, sa Branham Tabernacle, sa Eighth at Penn Street dito, sinisikap nating sumunod sa mga turo ng Bagong Tipan. Dahil naniniwala tayo, na, si Jesus Cristo, bilang Anak ng Diyos, at si Pablo na apostol ay tinawag at piniling sisidlan, sa pamamagitan ng paghirang ng Diyos, na isugo sa Iglesyang Gentil para ilagay ito sa kaayusan.

14 Ngayon, naniniwala tayo sa "pagbabautismo sa tubig," sa Branham Tabernacle, sa pamamagitan ng paglulubog, "sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo," na siyang apostolikong katuruan ng Biblia. At nawa'y, ang lahat ng mga miyembro, o, mga dumadalo sa Branham Tabernacle, na nagnanais nito, maaari, sa anumang oras (humiling na mailubog, sa Pangalan ng Panginoong Jesus), maaaring konsultahin ang pastor, at kung nakapagsisi na sila, at sumasampalataya sa Panginoong Jesus Cristo, tutungo ang pastor, agad-agad, kahit sa mga oras na 'yun mismo kung magagawa niya, na bautismuhan sila kaagad. Ito nga ang magdadala sa kanila tungo sa pakikiisa ng mga mananampalataya. Naniniwala tayo na sa pamamagitan ng pagbabautismo sa tubig ay dinadala tayo nito sa pakikiisa.

15 Pero sa pamamagitan naman ng pagbabautismo sa Espiritu Santo, tayo'y dinadala patungo sa pagiging bahagi, bilang mga bahagi ng Katawan ni Jesus Cristo, na nasa buong palibot ng mundo.

16 Ngayon, isa pang bagay na sinasampalatayanan natin, ay, "Ang paghahayag ng Espiritu'y ibinibigay sa bawat isa upang maging kapakinabangan naman." Ngayon, naniniwala tayo na kapag ang mga kaloob na ito, at iba pa, ay kumikilos na sa loob ng Iglesya, na minimithi nati't hinahangad na ang mga taong pinagkalooban ng Espiritu, ay dumako at sumamba kasama natin.

17 Ngayon, sa maraming dako, nasumpungan natin na kapag ang mga kaloob na ito'y nasa mga tao, di maintindihan ng mga tao kung *papaano* at *kailan* ba gagamitin ang mga kaloob na ito, at, dahil sa pilit nilang paggawa, nagdadala lang sila ng kasiraan; na naniniwala tayo na 'yun ang gagawin ni Satanas para ibunsod ang mga taga-labas, mga di-mananampalataya, at iba pa, na matakot sa kamangha-manghang kaloob na ito na ipinagkaloob ng Diyos sa Iglesya sa mga araw na ito.

18 Sinabi ni Pablo, "Kapag may baguhan na dadako sa atin, at lahat tayo'y magsasalita sa iba't ibang wika, hindi ba't ang tao na 'yun ay aalis at sasabihin na mga 'baliw' tayo? Pero kung may isa na magpropropesiya, at ihahayag ang lihim ng puso,

mangyari nga na sila'y magpapatirapa at magsasabi, 'Tunay, ang Diyos ay kasama n'yo.'"

19 Ngayon, naniniwala tayo na ang mga espirituwal na mga kaloob, sa kalagitnaan ng mga mananampalataya, ang tampok sa panahon na ito. Hindi tayo makakapaniwala na may tao na mangangaral sa ilalim ng inspirasyon at pagkatapos, o, siya'y kinasihang tagapagturo, at pagkatapos tatanggihan ang kaloob ng pagpapagaling, o kaloob ng pagpropropesiya, o pagsasalita sa iba't ibang wika, o pagbibigay interpretasyon ng mga wika, o anupamang ibang mga kaloob na ito.

20 Kaya, naman, heto ang paniniwala ko sa Salita ng Diyos, na pamamaraan na ang Branham Tabernacle, sa Eighth at Penn Street dito sa Jeffersonville, ay dapat na kumilos. Sa tingin ko, ang unang bagay, ay paniwalaan na ang mga bagay na ito na sinasabi ko'y kailangan at kinakailangang magawa sa ganitong paraan, sa Branham Tabernacle, para umunlad ito sa Panginoon. At kung dumating ang anumang panahon, na ito'y kukuwestyunin, ang taong kinukuwestiyon tungkol dito'y maaaring kumonsulta sa akin kung di sila makalapit sa pastor, o konsultahin nila ang pastor. Kung narito ako't nakauwi, mula sa ilang mga lakad, ikagagalak ko na—na umagapay sa mga miyembro o sa pastor anumang oras. At ang mga bagay pong ito'y nakabatay sa Kasulatan, at naniniwala po akong ito ang kaayusan sa Iglesya.

21 Iniisip ko, unang-una, na ang bawat miyembro, o bawat mananamba, ng Branham Tabernacle, ay marapat lang na mag-umapaw sa Makalangit na pag-ibig sa isa't isa hanggang sa ito nga'y. . .ang mga puso nila'y manabik sa isa't isa kapag oras na para maghiwa-hiwalay, na iiwan ang isa't isa pagkatapos ng gawain, sa gabi. Ako po'y masugid na mananampalataya ng "Makalangit na pag-iibigan." Sinabi ni Pablo na katunayan 'yun ng Espiritu Santo. "Sa pamamagitan nito, lahat ng tao'y makikilala na kayo'y Aking mga alagad," sabi ni Jesus, "kapag may pag-ibig kayo sa isa't isa." At naniniwala tayo na ang pag-ibig ng Diyos ang nagpadala kay Jesus Cristo sa lupa, para mamatay para sa ating lahat. "Ganoon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan, na isinugo Niya ang bugtong Niyang Anak, na ang manampalataya sa Kanya ay di mapapahamak, bagkus magkakamit ng Buhay na walang hanggan." At ang walang hanggang *Buhay* na tinutukoy rito ay "Sariling Buhay ng Diyos," dahil naging mga anak na lalaki't mga anak na babae tayo ng Diyos, sa pamamagitan ng bautismo ng Espiritu Santo; na siyang Binhi ni Abraham, at ipinagkaloob sa atin ang pananampalataya na tinaglay noon ni Abraham, nung siya'y manampalataya sa Diyos bago pa siya natuli.

22 Ngayon, ang kasunod na bagay, naniniwala tayo na ang mga mananambang ito'y dapat na "magtipon na sama-sama, ang mga taong ito na pinagkalooban," gaya ng mga nagsasalita

sa iba't ibang wika, at nakatatanggap ng mga kapahayagan at mga interpretasyon, at iba pa. Ang mga miyembrong ito, o, ang mga mananampalatayang ito, ang ibig kong sabihin, ay dapat na magsama-sama nang mga apatnapu't limang minuto o isang oras bago magsimula ang gawain. Dapat kasing maaga rin ang pagbubukas ang simbahan, at ang mga mananampalataya'y magsama-sama sa mga gabing tulad nito, at mga apatnapu't limang minuto o isang oras bago simulan ang mga gawain.

23 Naniniwala ako, na ang Branham Tabernacle sa lahat ng pagkakataon ay dapat may puspos-ng-Espiritung piyanista, na pupunta nang maaga, puspos ng Espiritu Santo, tutugtog siya nang taimtim, sadyang taimtim, na espirituwal na musika, gaya ng, "Doon sa may krus ang Tagapagligtas ay namatay, doon sa paglilinis ng sala ko'y aking saysay; doon sa puso ko'y ang Dugo'y inilagay, luwalhatiin ang Kanyang Pangalan!" Yun bang kagaya nun. *Nearer, My God, To Thee*. "Bato ng mga Kapanahunan, na dahil sa aki'y tinapyasan." O, *Near The Cross*, o para pong ganun; nang taimtim, taimtim, habang pinagbubulay niya nang tuluy-tuloy ang Espiritu Santo, lalaki man o babae, anuman ang piyanista.

24 Tapos naniniwala ako na ang mga mananamba, na papasok, dapat salubungin sila, at 'yung kanilang. . .isasabit 'yung mga balabal at mga sumbrero nila, ihahatid sila sa upuan nila, nang may magiliw na pagtanggap na magagawa lamang ng mga usher at mga diyakono na puspos ng Espiritu Santo, at nang may pag-ibig, para siguraduhin mismo na maayos ang pagpapalakad ng Iglesya ng buhay na Diyos.

25 Ang mga mananambang ito'y di dapat magkuwentuhan sa isa't isa, o makipag-usap sa katabi, at gagawa man ng ingay sa loob ng simbahan.

26 Ang dapat nilang gawin ay magpisan-pisan. Unang-una, dumulog sa tahimik na pananalangin, marahil sa may altar, nang kaunting sandali. Walang malakas na pananalangin, dahil maiistorbo mo ang iba; tahimik lang na pananalangin, kayo'y nasa pagsamba. Hayaan n'yong tumimo 'yun. Sumasamba, sa inyong espiritu, pagkatapos bumalik na sa kinauupuan n'yo.

27 O, hindi n'yo kailangang dumako sa may altar. Puwedeng pumasok at magpunta agad sa upuan n'yo, maupo, makinig sa musika; ipikit ang mata, iyuko ang ulo; at, manatiling tahimik, na sinasamba ang Diyos, sa kabuoang 'yun.

28 Pagkatapos kung ang Espiritu'y maghahayag ng bagay sa isa, o—o may mapupuspos ng Espiritu na makapagsasalita siya ng iba't ibang wika, haya't ang taong ito'y tumayo at ibigay ang mensahe. At bawat isa'y dapat na manahimik hanggang sa ang pagpapaliwanag ay dumating.

29 Kapag dumating ang paliwanag, hindi dapat 'yun basta pagsisipi sa Kasulatan, o kung ano na walang ibig sabihin.

Kailangan mensahe 'yun na direkta sa Iglesya, dahil kung hindi'y gaya lang ito ng iniisip natin na sa laman 'yun; marami na tayong nasaksihan na ganun. At kaya ngayon, naniniwala ako—naniniwala ako, ang—ang Espiritu'y sadyang dapat sa pangungusap lamang para sa "ikatitibay ng Iglesya."

30 At ngayon, 'yun nga'y dapat mensahe, na parang ganito, marahil. Marahil nagkakatipon ang mga tao sa panahon na gaya nito, may darating na mga taong may sakit. Marahil may isang lalaking nakaratay, paralisado o parang ganun. Di n'yo pa nakikita ang lalaking ito kahit kailan. Pero kapag dumating na 'yung interpretasyon, ay dapat na parang ganito; na kapag 'yung interpretasyon, o 'yung nagwika nun, ay magsasabi, "Buweno, GANITO ANG SABI NG PANGINOON, ang lalaking ito na nasa kalagitnaan natin ay mula sa *ganito-at-ganoong* lugar," tapos ilalarawan ang lugar. At sasabihin, "Ang lalaking ito'y paralisado dahil, tatlo o apat na taon ang nakararaan," o kung anupaman, ang kaso, "nakagawa siya ng bagay na masama," tulad ng, "iniwan niya ang asawa niyang babae't mga anak, at tinakbuhan sila. At nahulog siya sa isang truck," o parang ganun, "at napinsala, at 'yun ang nagparalisa sa kanya. GANITO ANG SABI NG PANGINOON, kung magsisisi siya mula roon, at mangangako na babalik sa kanyang asawa at makikipagkasundo sa kanya, kung ganun gagaling siya ngayon at makababalik sa kanyang pamilya."

31 At pagkatapos bago magsalita ng anuman ang kahit sino, kailangan may dalawa, o higit pa, na kalalakihan o mga tao sa loob ng gusali, na mga solidong espirituwal sa Turo't Aral ng Ebanghelyo, na may taglay na mainam na espirituwal na pagkilala, ang tatayo at magsasabi "Ito'y sa Panginoon."

32 At kung hindi 'yun magkatotoo, kung ganoon hindi dapat mabanggit ang pagsasalita sa iba't ibang wika sa iglesya. Kung may magsasalita sa iba't ibang wika, ang sabi ni Pablo, "Kung walang tagapagpaliwanag," at kung ano pa, "magsalita sila sa tahanan," o kung saan man ito, "dahil pagpapala lamang sila sa kanilang sarili, at hindi 'yun para sa ikatitibay ng Iglesya."

33 Pagkatapos ang taong ito, matapos ng pagsasalita, at 'yung pagpapaliwanag; haya't dalawa o tatlong tagapagpasya, batay sa Turo't Aral ni San Pablo sa Biblia, na dapat "pagpasyahan ito ng dalawa o tatlong tagapagpasya."

34 Tapos 'yung tao na pinag-uukulan Nito, ay palalapitin. At heto, marahil may itatalaga na isang tao, o pastor o kung sino, na dadako at papatungan ng mga kamay ang taong ito, na may sakit o dalamhati, at sila'y gagaling. Pagkatapos ay ibunsod ang pastor o kung ibang tao ito, sinuman ito na itinalaga ng Espiritu Santo na lumapit at "manalangin ng pananalangin ng pananampalataya," ibunsod sila na lumapit at magministeryo sa naturang tao ayon sa sinabi ng Espiritu. Tapos sa sandaling

’yun, ’yung naturang tao na . . . At kung anuman ang sabihin ng Espiritu Santo, ay mangyayari, agad-agad, gaya nga ng kung papaanong ibinigay ’yun ng Espiritu Santo.

35 Tapos maaaring magbunyi ang mga tao, at magpasalamat, at purihin at sambahin ang Diyos, dahil ninanais ng Diyos na masamba.

36 Tapos kanilang—tapos kanilang iyuyuko ang kanilang mga ulo at mananalangin uli, para makita kung may isa na namang mensahe na ninanais ng Espiritu Santo na mahayag sa mga kaloob na ito, bago.

37 At pagkatapos kung may pagkakataon na may magsasalita ng iba’t ibang wika, at magbibigay ng interpretasyon, at ang mga—ang mga tagapagsiyasat nito ay magpapadala ng tao na tatanggap, kukuha sa anuman na sinabi na mangyayari, at di ’yun nangyari, kung ganoon ang buong grupo nila’y kailangang dumako sa altar at manalangin sa Diyos na alisin ang espiritu na ’yun mula sa kanila, dahil wala ngang may ibig sa espiritung gaya nun. Naalaman natin na huwad ’yun, at sa kaaway ’yun, at hindi sa Diyos, dahil katotohanan lang ang maaaring sabihin ng Diyos. Ang bagay na ito’y dapat malinaw na nauunawaan ng iglesya, bago kayo mag-umpisa rito, sa bagong kaayusan na ito.

38 Tapos, marahil, siguro may mangyayaring ganito, sasabihin ng mensahe sa isang kapatid na lalaki, marahil, sasabihin, na, “Ang kapatid na ito na naninirahan sa tabi ng riles ng tren,” o kung ano, “siya’y dapat lumikas mula roon, dahil magkakaroon ng malaking aksidente sa daan,” o kung ano, o parang ganun.

39 At paunlakan ang mga tagapagsiyasat, matapos na ang iglesya’y mabigyan ng kapahintulutan para makapagsalita, o maisalang ang mensahe na sinambit, kung ang pagpapasya ba nila’y, “Ito’y sa Diyos,” pagkatapos ay antabayanan at tingnan kung ’yun ba’y mangyayari.

40 At kung ’yun ay mangyari, salamat sa Diyos, at kayo’y maging kaaya-aya—kaaya-aya sa inyong puso sa Kanya. At pag-ukulan Siya ng papuri at pagsamba, at magpakumbaba. Sa lahat ng mga bagay, ay magpakumbaba.

41 Huwag na huwag n’yong ipagmamalaki ang inyong sarili na darating ka sa punto kung saan akala mo’y mas maalam ka pa tungkol dun kaysa sa inyong pastor o sa iglesya na inyong pinagsasambahan. Kung madako kayo sa ganyang kalagayan, kung ganoon pinapayuhan ko ang bawat isa sa inyo na lumipat na kayo sa ibang lugar para dun ay sumamba. Dahil, hiniling ko sa pastor na huwag magpahintulot ng anumang bagay na labas sa kaayusan ng Biblia, sa pamamaraan na ito na nakikita natin dito sa loob ng iglesya. At mangyari nga na nais nating ang mga kaloob na ito’y umiral, at mailagay sa ayos, at ang mga mananamba. Kung ito’y gagawain nang tama, ayon sa Salita,

masasaksihan n'yo ang isang matibay, na kahanga-hangang iglesya na kumikilos para sa Panginoong Jesus Cristo.

42 Ngayon, ang kasunod namang bagay na dapat mangyari, ay kung ang mga taong ito na may, na lumilihis sa kaayusan sa mga oras na ito, ay may diyakono o usher na puspos ng Espiritu Santo at may pagkamabiyaya sa kanilang puso, na lalapit sa tao na 'yun, na may pagpipitagan, na parang ama, at itutuwid sila sa ganitong paraan. O, ang pastor, sinuman, kaya mahalaga ang mga diyakono sa pagkakataon na ito; dahil ang pastor, sa oras na 'yan, na ang espirituwal na mga gawain ay nangyayari, siya'y dapat naroon sa silid-panalanginan, o kung saang dako, na nananalangin.

43 Ang mga mensaheng ito, halimbawa naman, kung walang nailalahad na mensahe, walang kapahayagan, kung ganoon ang mga tao ay magkakaroon ng pribilehiyo, kung naisin nila, na tumayo at magbigay ng patotoo, isang patotoo na laan lamang sa kaluwalhatian ng Diyos. Hindi naman sila pipilitin na gawin ito, pero ang mga patotoo nga'y dapat na maibigay bago ang pagmemensahe o bago magsimula ang pag-aawitan na gawain, o anuman, na mga patotoo sa mga gawain ng pagsamba.

44 Nauunawaan n'yo ba, iglesya, na kung ganito ang gagawin, maibubunsod n'yo ang buong iglesya sa espiritu ng pagsamba, bago pumasok ang Salita na ito'y maituro? Tapos lulukob ang Espiritu Santo sa Salita, at ihahayag ang Diyos sa pamamagitan ng Salita, para ipagtibay ang inyong pagsamba.

45 Ngayon, pagkatapos nito, oras na para pumasok ang pastor, kung kasalukuyan pa rin ang pagbibigay-mensahe. . . Sabihin na lang natin, na ang pastor ay dapat lumabas nang eksaktong, sabihin na lang natin, alas siyete y media, at. . . o kuwadro ora bago mag-alas otso. At kung ang mga pagbibigay-mensahe'y tuluy-tuloy pa, bago dumako mismo ang pastor sa kanyang. . . lumabas ng kanyang silid, o kung saan man siya, para dumako na sa puwesto niya sa entablado, may kapatid na lalaki dapat na magbibilin, dahil hudyat 'yun para malaman ng mga banal na kapag dumako na ang pastor sa entablado, ay oras na niya para sa gawain. At 'yan ay maglalaan nang marami't, sapat na oras para sa lahat ng paghahayag ng mga kaloob, para dalhin ang Espiritu ng Diyos sa—sa kongregasyon.

46 At kung may di-mananampalatya na naroon, na wala sa ayos; isang taong mabait ang puso ang lalapit sa kanila, siguro'y usher o diyakono at pagsasabihan sila na sila'y—sila'y. . . hihilingin sa kanila na tumaimtim, o manatiling taimtim habang may gawain. Dahil, ang Espiritu'y nasa gusali, at ang mga kaloob ng Diyos ay kasalukuyang nahahayag para sa ikatitibay ng Iglesya. At sasabihan ang naturang tao na ito nang may pag-ibig, di dapat marahas. Marahil kung madako na sa umiinom-inom na ito ng alak, o masuwayin talaga, o kung ano na sagabal

sa pagsasamba sa—sa Panginoon, samantalang ang mga kaloob, sa mga oras na 'yun, ay nahahayag; mangyari nga na ang taong 'yun ay dapat, marapat lamang, o dapat na ihatid sa isang gilid, sa isa sa mga silid sa likod, o kung saan, at kausapin siya, at aksyunan, nang may kabaitan.

47 Ngayon, habang papunta ang pastor sa entablado. . . Kapag nakadako na ang pastor sa entablado, iminumungkahi ko, yamang narito ang Branham Tabernacle, na pangunahan ng pastor ang kongregasyon ng siguro'y isa o dalawang maiinam na awitin. Dahil natuklasan natin, na kung masyadong marami ang kumikilos-kilos. . . sa loob ng iglesya, nagdudulot lang ng kaguluhan. Kaya iminumungkahi ko, gaya ng ginagawa ko sa pagpapastor sa iglesya; ako na ang nangunguna sa pag-aawitan, mismo. At pakiramdam ko'y mainam na bagay 'yun kung ganoon din ang gagawin ng pastor na siya na, mismo.

48 At sa lahat ng pagtitipon para sa pananalangin, kung saan tayo'y nagkakatipon na sama-sama, mga grupo ng pagtitipon para sa pananalangin, ang pastor nga'y dapat naroon sa bawat isa nito. Hindi dapat itagubilin sa kung sinong indibiduwal na lang na pangunahan ang ganitong uri ng mga pagtitipon. Dahil napansin natin, na nalilihis sila, sa doktrina, at mangyari nga na nagdudulot sila, na nadadala tuloy sa iglesya, at, maraming beses, na nakapagdadala ng hidwang turo, at kung ano pa, na di dapat kabilang sa Iglesya ng buhay na Diyos. At kaya ang pastor ay marapat na naroon sa lahat ng pagtitipon para sa pananalangin, at kung ano pa, kung saan naroon ang kongre-. . . ang mga pagtitipon.

49 At ang pastor ay wala dapat kinikilingan sa pagtitipon, na sasabihin may isang grupo sa gawi *rito* at may isa sa gawi *roon*. Ang pastor ay dapat mamagitan sa kanila, at dumako sa kanila, at ipagkasundo sila, agad. At kung di niya sila maipagkasundo, magsama siya ng isang diyakono. At pagkatapos kung sila—kung sila'y di pa rin makikinig sa pastor o sa diyakono man, kung ganoon ay dapat na sabihin 'yun sa iglesya, at, gaya nga ng sabi ni Jesus, "Ipalagay mo sila sa inyo na tulad sa isang pagano at isang publikano." "Anumang talian n'yo sa lupa," sabi ni Jesus, "Aking itatali sa Langit, at anumang kalagan n'yo sa lupa, Aking kakalagan sa Langit."

50 Ngayon, kapag ang pastor ay dadako na sa entablado, ang pastor nga ang magpanguna, ng siguro'y—ng siguro'y, isa o dalawang kanta, at dumiretso na sa Salita.

51 Wala nang oras para sa mahabang pagpapatotoo na mga pagtitipon, at ang lahat ay tatayo, at may bagay na sasabihin. Hindi ito yumayabong sa Branham Tabernacle.

52 Kung mayroon sa inyo riyan na pinakikinggan ang teyp na ito, at, sa inyo, yumayabong ito sa inyong iglesya, buweno, ayos

lang naman 'yan. At ikinagagalak namin 'yan, na yumayabong ito sa inyong iglesya.

53 Pero sa amin dito, hindi po, nagdudulot lang ng kalituhan. Matagal-tagal na akong nagpapastor nang mag-dadalawampu't ilang mga taon na rin, at natuklasan ko na nagdudulot lang ito ng kalituhan. Kung may patotoo kayo, ibahagi n'yo 'yun bago ang . . . sa kongregasyon ng mga tao, habang nagpapala ang Espiritu, at ano pa.

54 O, ang tunay na paraan para magpatotoo, ay di sa loob ng iglesya, kundi doon sa mga dakong madilim. Papagliwanagin n'yo ang inyong Liwanag kung saan madilim. Magtungo kayo sa mga bahay-inuman at iba't ibang lugar, at kung saan ang kasalanan at ganoong mga bagay ay bunton-bunton talaga, tapos dun n'yo papagliwanagin ang inyong Liwanag. May lugar nga para gawin ito.

55 Pero, sa kabila nun, kung pinagpapala kayo ng Panginoon at pinagkakalooban kayo ng dakila't espesyal na pagpapala, o may bagay kayo na kailangan n'yong ibahagi sa mga tao, gawin n'yo ito sa oras ng ibang gawain, bago magsimula ang gawain, sa pambungad na gawain, o kapag ang Espiritu'y nagpapala at nagbibigay ng mga patotoo at mga kapahayagan, at iba't ibang wika at pagpapaliwanag, at kung ano pa, sa pagsamba, ng mga banal, bago ipangaral ang Salita ng Diyos.

56 Pagkatapos ang pastor, matapos na pangunahan ang himno na ito, ay kaagad na pangunahan ang iglesya sa pananalangin, at isang kongregasyong pananalangin, na siya mismo, habang nakatayo siya sa entablado, hihilingin sa mga tao na iyuko nila ang kanilang mga ulo sa pananalangin.

57 Sa ganitong paraan nga namin nasumpungan ang mas higit na pagpapala, at mas higit na maayos na pamamalakad sa loob ng iglesya.

58 At pagkatapos, ang kasunod na dapat gawin ng pastor, matapos. Kung nakapagdaos sila ng isang tunay na espirituwal na pagtitipon, na ang mga kaloob ay ibinubunsod na mahayag ang maraming lihim ng puso ng tao, at mga bagay na inaasahan namang maibubunsod ng mga kaloob sa pagtitipon; kapag ang Espiritu ng Diyos ay naroon mismo sa pagtitipon, at magiging mas madali na para sa pastor na masumpungan ang Espiritu ng Diyos (yamang naroon na sa pagtitipon) para sa Salita ng Diyos, habang nagbabasa siya't magsisimulang mangaral. Ang pastor nga'y mangangaral ng anuman na ilagay ng Espiritu Santo sa puso niya, anuman ito na nais niya, sa pagkakatayo niya roon.

59 Pero ang kongregasyon nama'y ganito lang . . . Maaari silang magbunyi, habang nangangaral siya, mangyari pa, o magsabi ng "amen" kapag binibigkas ang Salita. Pero, 'yung tatayo pa't magsasalita sa iba't ibang wika at magbibigay ng interpretasyon, habang ang—ang Espiritu Santo'y kumikilos

sa pastor, kinokondena 'yan ng Kasulatan, at ang sabi, "Ang espiritu ng mga propeta'y nasa ilalim ng propeta."

60 Dapat na tawagin ng pastor ang pansin ng indibiduwal na ito, tapos sasabihan sila na magpitagan at manatili sa lugar nila. Ang pastor nga'y kailangan na isang lalaki na may pagka mapagpakumbaba, pero di naman sobrang mapagpakumbaba kundi maging tulad nga siya ng Panginoong Jesus Cristo noong makita Niya na may mali na nangyayari sa loob ng iglesya, nagkumpol siya ng mga lubid at pinalabas sila ng iglesya. At ngayon ang Iglesya ng Diyos ay bahay ng kahatulan, at ang pastor ang pinaka mataas sa Iglesya. Ang nakatatanda ang pinaka mataas sa apostolikong Iglesya, liban sa Espiritu Santo. Ang Espiritu Santo'y magdadala ng Kanyang Mensahe diretso sa nakatatanda, at ibibigay Ito ng nakatatanda sa mga tao.

61 Ang mga banal at ang kanilang mga kaloob ay dapat na naroon sa posisyon nila, unang-una, para sumamba't magsama-sama na magkakapisan, na magbubunsod (gaya ng sinabi ko kanina) sa Espiritu ng Panginoon, sa gusali, para sa pastor. At magiging mas madali para sa Espiritu Santo na kumilos sa pamamagitan niya kung ganoon, kapag may isang mainam na espirituwal na pagtitipon na nadaos bago ang pagtuturo niya; at pagkatapos ang Espiritu Santo'y lulukob sa Salita at ituturo ang Salita; yamang may nauna nang mga paghahayag ng mga kaloob.

62 At tapos ang pagtawag sa pagdulog sa altar ay idadaos na, pagkatapos, at marami ang makakakita at makababatid, ayon sa pagkilos ng Espiritu Santo, at Salita ng Diyos, na inilagay Ito ng pastor doon, na kayo'y ang Iglesya ng buhay na Diyos. At gaya ng sinabi ni Pablo, noong una, "Magpapatirapa siya at magsasabi, 'Tunay, ang Diyos ay kasama ninyo.'"

Ngayon, ang mga bagay na ito'y, gawin mismo nang may pagpipitagan.

63 At ngayon sa pastor po (sa ating Kapatid na Neville, sa panahon na ito), alalahanin n'yo, siya ang ganap na pangulo ng iglesya. Si Kapatid na Neville ay may karapatan na gumanap ng anumang kapamahalaan na ibubunsod ng Espiritu Santo, anumang bagay na ibubunsod ng Espiritu Santo na kanyang sabihin, sa madaling sabi. Sa iglesya, may karapatan siya sa anumang bagay na pangunahan siya ng Diyos na gawin. May karapatan din siya sa lupon ng mga diyakono. Maaari niyang palitan ang lupon ng diyakono, ang mga tagapangasiwa, o—o ang piyanista, o anumang katungkulan sa loob ng iglesya na gusto niyang baguhin, na may pangunguna mismo ng Espiritu Santo na kanyang gawin. At anumang gawin niya, kikilalanin ko ito, yamang siya (sa paniniwala ko) siya'y isang lalaking maka-Diyos. Kikilalanin ko ito na ito'y sa Panginoon, at susuportahan ang siya ring bagay, kaya ibig sabihin ibinibigay sa kanya

ang kapamahalaan na magpalakad sa iglesya sa paraan na sa palagay niya'y kung paano ba dapat ito gawin. Ngayon, o, anumang katungkulan sa loob ng iglesya, kung may pangunguna siya na—na—na pagpalitin ng posisyon, ang mga tao, dahil siya'y may kapamahalaan na gawin 'yun. Na, ako nama'y naniniwala na lagi itong magiging kalugud-lugod at di gagawin kung di kailangan.

64 Ngayon, pagpalain nawa kayo ng Panginoon. At umaasa ako na ang bagay na ito'y gagampanan sa pinaka mainam na magagawa ng inyong karunungan. At nawa'y bantayan ng Espiritu Santo ang bawat isa sa inyo.

65 At nawa'y ang bawat may katungkulan sa iglesya'y gampanan niya ang iniatang na katungkulan sa kanya, sa pagkakaalam nito, na pananagutin kayo ng Diyos sa kung paano n'yo ginanap ang katungkulan n'yo sa iglesya. Ang bawat isa po'y magsusulit.

66 At sa mga miyembro, at sa mga kalugud-lugod na mga banal na may kaloob sa ating simbahan, sila na mga—mga nakakapag propesiya, o nakapagsasalita sa iba't ibang wika, o nakakapagbigay ng interpretasyon, o may kapahayagan, kami nga'y lubos na nagagalak na narito kayo sa iglesya. At bibigyan namin kayo ng buong pakikipagtulungan sa lahat ng bagay na patutunayan ng Espiritu Santo na Kanyang sinabi sa inyo. At iniibig namin kayo. At naniniwala kami na ang mga kaloob na ito'y nasa inyo, anupa't kung may tamang pagkakataon kayo, at batay sa Kasulatan na paglalahad nito, na kayo'y magiging kalugud-lugod na mga tagapaggawa sa piling namin. At nawa pagpalain kayong lahat ng Panginoon, 'yan po ang sinsero kong pananalangin.

67 Mga Cristiano, na nakikinig sa teyp na ito, may isang bagay na sa tingin ko ay nakalimutan ko, at heto po 'yun: na, habang ang mga tao'y nagsasalita sa iba't ibang wika, ang dapat ay may "dalawa o tatlo," batay sa Kasulatan. Ibig sabihin, dalawa o tatlong mensahe lang ang dapat na maibigay sa bawat isang gawain. Batay nga 'yan sa mga Kasulatan, na, "Marapat; na ito'y dalawa lang, o tatlo." Kaya nawa'y gampanan n'yo ang mga bagay na ito, nang nakabatay, sa paraan na pangunguna ng Espiritu Santo rito sa Kanyang Biblia. At ito po, ang pinaka mainam na aking nalalaman, na pagganap dito. Sabi ni Pablo, "Marapat na, dalawa o tatlo, sa tuwing sila'y magsasalita." Pagpalain kayo ng Panginoon.

*Pagsasaayos Ng Iglesya* TAG58-1007
(Church Order)
Pag-uugali, Pagsasaayos, At Doktrina Ng Iglesya

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Martes, Oktubre 7, 1958 sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2020 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org